Bata, Bata, Huwag Kang Bumoto

Akda ni: Francene A. Hosillos

Mapua University – Grade 12

Bata, bata, huwag kang bumoto. Lamang ang mga walang pakialam. Mga mangmang lang ang nangingialam. Mag-aral ka na lamang. Ikaw ang pag-asa ng bayan ngunit wala ka pang alam. Wala ka pang boses. Huwag mo nang subukan tumindig sapagkat matutmba ka lang.

Ipikit mo ang iyong mga mata sa bawat danak ng dugo at pawis ng mga magsasakang kumakayod hanggang sa bumigay na ang katawang sa init ng araw at banta ng sakit. Huwag mong pansinin na ang kaning nakahain sa iyong plato ay nagmula sa palayang ngayo'y *supermarket* o *subdivision* na. Sumandok ka pa ng isang mangkok ng kanin. Samahan mo na rin ng isda at gulay. Huwag mo na lang isipin na kumakalam ang sikmura ng mga nangisda at umani ng palay. Siguro bukas maiisip na nila kung paano itatawid ang gutom ng kani-kanilang pamilya. Huwag mong titigan ang mga *tricycle driver*. Baka makita mong bakas sa kanilang mata ang pagod sa pagiintindi kung sapat ba ang kanilang sweldo upang mapakain ang kanilang mga anak. Pabayaan mo na lang na magtiis sila.

Takpan mo ang iyong tainga sa pagmamakaawa ng mga *frontliners* na gumigising bago pa man sumikat ang araw at umaasa na lamang sa kape at biskwit upang itaguyod ang tila hindi natatapos na pila ng mga isinusugod mga ospital na umaapaw na. Magpatugtog ka na lang ng musika para hindi mo marinig ang hinagpis ng mga taong nawalan ng magulang, kapatid, anak, at kaibigan dahil sa pandemyang ilang taon nang nananatili sa bansa. Lakasan mo na lang ang tugtog para hindi mo mapansin ang mga batang pinipilit itaguyod ang pamilya pagkat wala silang pantustos ng pag-aaral. Siguro bigla na lang magkakaroon ng solusyon ang mga suliraning ito na tila isang masamang panaginip lamang. Huwag mong pakinggan ang sinasabi nila na mayroong kapangyarihan ang mga maaasahang lider na paunlarin ang sektor ng kalusugan, edukasyon, at agrikultura. Pabayaan mo na lang na lumipas.

Itikom mo ang iyong bibig sa mga kontemporaryong isyu na nakapaligid sayo. Tumahimik ka na lang kahit na alam mong sa iilan lamang napupunta ang pera sa kaban ng bayan. Walang dapat umimik habang natatabunan ng pagpapaawa at *propaganda* ang mga hinaing ng taong-bayan. Wala na silang panahon para makinig dahil maingay ang tinig ng salapi. Ibenta mo na lang ang kinabukasan mo para sa isang libong pangakong hanggang salita lamang. Pabayaan mo na lang na mawala ang karapatan mong pumili kapalit ng singkong duling.

Manatili kang sanggol na walang muwang hanggang sa patuloy na maghirap ang mga nahihirapan sa pagpapayaman ng iilan. Sa sirang plaka na lamang mo na lamang maririnig na pag-asa ng bayan ang kabataang nawawalan na rin ng pag-asa sa bayan. Laos na. Luma na. Lumubay na. Tama na.

Nakikita mo ang katotohanan. Naririnig mo ang hustisya. Alam mo na ang boses mo ay nananalaytay sa iyong boto.

Laos na ang pagpapasawalang-bahala ng boses ng kabataan. Luma na ang pagtanggi sa kamulatan. Ito na ang pagkakataon upang lubayan na ang pagtitiis sa naghihingalong tinig ng mga nagugutom, nagkakasakit, at naaaping hindi naman pinakikinggan. Ito na ang panahon upang piliin ang tama.

Oras na upang tumindig ka para sayo, para sa akin, para sa bayan natin. Ikaw ang boses ng kinabukasang inaasam mo. Bigyan mo ng pag-asa ang kapwa mong uhaw sa pagbabago. Huwag kang manatiling mangmang na walang pakialam. Bata, bata, huwag mong hayaang hindi ka makaboto.